Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-7 NG HULYO, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG.NARCISO O. INFANTE............. PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Heidi S. Ciriaco............. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon............. Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez........... Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat........ Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison............. Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas............. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco.......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor........ Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 154-T'97

KAPASIYAHANG INAALIS ANG POSISYONG PRIVATE SECRETARY III AT NILILIKHA ANG POSISYONG PRIVATE SECRETARY I NA ISANG QUO-TERMINOUS NA POSISYON PARA SA TANGGAPAN NG PUNUMBAYAN.

SAPAGKA'T, ang taong nakaposisyon bilang Private Secretary III sa Tanggapan ng Punong Bayan ay namatay na;

SAPAGKA'T, may kahilingan ang Kgg. Punong Bayan na likhain ang posisyong Private Secretary I at alisin ang Private Secretary III upang maipagpatuloy ang paglilingkuran nito sa Tanggapan ng Punong Bayan;

SAPAGKA'T, ang pondong gagamitin para sa posisyong Private Secretary I ay magmumula sa posisyong Private Secretary III na inilaan para sa taong ito.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, na pnangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison, Heidi S. Ciriaco at Jeffrey A. Villaseñor at sa pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na alisin ang posisyong Private Secretary III at likhain ang posisyong Private Secretary I para sa Tanggapan ng Punumbayan.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Panglalawigang Pinuno sa Serbisyo Sibil at Pinunong Pantauhan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN